CITY OF SAN JOSE
CAPITAL OF SILICON VALLEY

**Abril 9, 2024**

## Mga Serbisyo sa Sanitary Sewer

## Update sa mga Rate sa Sanitary Sewer sa 2024
## *Mga Madalas Itanong*

**Ano ang iminumungkahing pagbabago sa rate para sa FY 2024-2025?**

Ang iminumungkahing pagtaas ng rate ay humigit-kumulang sa 9 % para sa mga residenteng solong pamilya. Tingnan ang talahanayan sa “Iskedyul ng mga Iminumungkahing Rate sa mga Singil sa Serbisyo ng Sewer at Paggamit” para sa buwanan at taunan na mga gastos para sa iba’t ibang mga kategorya ng residensyal na rate:

**ISKEDYUL NG MGA IMINUMUNGKAHING RATE SA MGA SINGIL SA SERBISYO NG SEWER AT PAGGAMIT**

| PAGGAMIT (TIRAHAN) | MGA KASALUKUYANG RATE 2023-2024 | | MGA IMINUNGKAHING RATE (Epektibo sa Hulyo 1, 2024) | | BUWANANG PAGBABAGO |
|---|---|---|---|---|---|
| | Bawat Buwan* | Bawat Taon | Bawat Buwan* | Bawat Taon | |
| Tirahan para sa Solong Pamilya | $45.49 | $545.88 | $49.59 | $595.08 | $4.10 |
| Tirahan para sa Maraming Pamilya (kada yunit) | $30.48 | $365.75 | $33.23 | $398.76 | $2.75 |
| Mobile Home (kada yunit) | $34.34 | $412.08 | $37.44 | $449.28 | $3.10 |

**Ang buwanang singil ay ginagamit para sa pagbaha-bahagi ng bahagyang pagsingil sa taon.*

**Bakit nagbabago ang mga rate?**

Ang iminumungkahing pagtaas ay magbibigay-daan sa Lungsod na matiyak ang patuloy na inaasahang mga serbisyo ng utilidad habang pinoprotektahan ang kalusugan ng publiko at ang San Francisco Bay.

Ang singilin ay sinasaklaw ang mga gastos na nauugnay sa San José-Santa Clara Regional Wastewater Facility (Pasilidad) at 2,000-milya na sistema ng koleksyon ng alkantarilya ng San José, kabilang ang mga operasyon at pagpapanatili, at mga pagpapahusay ng kapital at kagamitan. Ang Pasilidad ay nasa gitna ng mahalagang pagpapabuti ng kapital, pinatataas ang pagiging pagsasarili nito sa pamamagitan ng paggamit ng renewable energy pati na rin ang mahigpit na pagsusuri at pagpapatupad ng mga makabagong sustenableng teknolohiya. Habang

ang Pasilidad ay nagiging makabago at nagpapatupad ng mga pagbabago sa proseso ng pagtrato, ang mga karagdagang gastos sa operasyon ay inaasahang nauugnay sa paglipat mula sa tradisyunal na proseso ng drying bed tungo sa onsite dewatering ng mga biosolid sa 2025. Kabilang sa mga karagdagang dahilan ng pagtaas ng mga gastos ay ang mga inflationary factor para sa paghakot ng mga kemikal at solid waste pati na rin ang pagtiyak ng pagsunod sa mga mas mahigpit na regulasyon sa kapaligiran. Ang sistema ng sanitary sewer ay nangangailangan din ng karagdagang mapagkukunan upang maipagpatuloy ang operasyon at pagpapanatili ng sistema sa paraang sumusunod sa mga regulasyon. Bilang karagdagan sa pagtugon sa mga patuloy na isyu sa pagpapanatili, itong pagbabago ng rate ay magbibigay-daan sa Lungsod ng pagbili ng mga bagong kagamitan upang mapabuti ang pagiging epektibo ng paglilinis ng linya ng imburnal, pagkontrol ng amoy, pagtatasa ng kondisyon, at pagkukumpuni.

Ang San José ay walang pagtaas ng rate sa Singil sa Serbisyo ng Sanitary Sewer at Paggamit sa kasalukuyang taon ng pananalapi na nagsimula noong Hulyo 1, 2023 at magtatapos sa Hunyo 30, 2024. Ang kasalukuyang paunawa ay tinutukoy ang pinakamataas na potensyal na mga pagbabago sa rate ng sanitary sewer; ang mga iminungkahing pagbabago sa rate ay maaaring mas mababa kapag iniharap sa Konseho para sa pag-apruba. Ang bagong rate ay magiging epektibo sa Hulyo 1, 2024.

**Paano ako magsusumite ng protesta sa rate?**

Magsumite ng mga nakasulat na protesta sa Opisina ng Klerk ng Lungsod sa anyo ng isang sulat, fax, o email bago ang pagsasara ng pampublikong pagdinig sa Hunyo 4, 2024. Dapat mong isaad ang (mga) Numero ng Parsela ng Tagasuri ng (mga) ari-arian na pagmamay-ari mo na napapailalim sa iminungkahing pagsasaayos ng rate. Ang numero ng parsela ay nakaimprenta sa harapang panel ng paunawa sa rate. Kung may mayoryang protesta, hindi pagtitibayin ang pagtaas.

Ipadala sa koreo, fax o email ang iyong nakasulat na mga protesta sa:

| Koreo | Fax | Email |
|---|---|---|
| Sewer Services Rate Increase<br>City of San José – Office of the City Clerk<br>200 E. Santa Clara St., 14th Floor<br>San José, California 95113-1905 | (408) 292-6207<br>Sewer Services Rate Increase | SewerRateProtest@sanjoseca.gov |

Magsisimula ang Pagpupulong ng Konseho nang 1:30 p.m. sa City Council Chambers sa City Hall sa 200 East Santa Clara Street, San José. Ang napapanahong impormasyon sa mga pagdinig ay ipapaskil online sa Agenda ng Konseho ng Lungsod para sa pagpupulong. Ang mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod ay maaaring daluhan nang personal o panoorin sa streaming sa SanJoseCA.gov/CivicCenterTV.

**Magkano ang nabago sa mga residensyal rate sa solong pamilya sa nakalipas na ilang taon?**

| Mga Taon ng Pananalapi* | Buwanang Rate | Porsiyento ng Pagtaas |
|---|---|---|
| FY 2023 - 24 | $45.49 | 0% |
| FY 2022 - 23 | $45.49 | 9% |
| FY 2021 - 22 | $41.64 | 0% |
| FY 2020 - 21 | $41.64 | 4% |
| FY 2019 - 20 | $40.07 | 3% |

"FY" ay tumutukoy sa terminong fiscal year, mula Hulyo 1- Hunyo 30

**Magkakaroon din ba ng isa pang pagbabago sa rate sa susunod na taon?**

Ang pangangailangan para sa mga pagbabago ng rate ay tinataya bawat taon. Kung kailangan ng mga pagbabago sa mga rate, magpapadala ng mga abiso sa rate kasama ang impormasyon tungkol sa pampublikong pagdinig at ang proseso ng protesta.

**Magagamit ba ang pera mula sa mga rate ng Sanitary Sewer para sa iba pang proyekto sa ibang lugar sa Lungsod?**

Hindi. Ang mga pondo ng Singil sa Serbisyo ng Sanitary Sewer at Paggamit ay magagamit lamang para sa pagbabayad sa mga serbisyong nauugnay sa sanitary sewer. Hindi ito maaaring gamitin para bayaran ang iba pang mga serbisyo ng Lungsod gaya ng mga parke o aklatan.

**Ang halaga sa aking buwis sa ari-arian para sa mga Serbisyo sa Sewer ay mas mataas kaysa sa mga rate na binanggit sa sulat.**

Ang mga bayarin para sa Sanitary Sewer at Storm sewer ay pinagsama bilang isang linya ng aytem sa iyong bill ng buwis sa ari-arian. Sa kasalukuyan, para sa tahanan ng isang solong pamilya, ang halaga para sa Sewer Sani/Storm ay dapat na $94.44 bawat taon.

**Hulyo 1, 2023– Hunyo 30, 2024 Mga rate ng Sanitary at Storm sewer**

| Mga Serbisyo ng Sewer | Buwanang Rate | Taunang Gastos |
|---|---|---|
| Sanitary | $45.49 | $545.88 |
| Storm | $7.87 | $94.44 |
| | **Kabuuan ng Sewer Sani/Storm** | **$640.32** |

Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng mga residensyal rate sa Singil ng Serbisyo ng Storm Sewer sa taon ng pananalapi 2023-2024 depende sa uri ng tahanan na pag-aari.

| URI NG TIRAHAN | BAWAT BUWAN* | BAWAT TAON |
|---|---|---|
| Tirahan ng Solong Pamilya at Duplex | $7.87 | $94.44 |
| Malaking Tirahan ng Maraming Pamilya (5 o higit pang mga yunit), Bawat Yunit | $4.30 | $51.60 |
| Maliit na Tirahan ng Maraming Pamilya (3-4 na Yunit) | $14.95 | $179.40 |
| Residential Condominium, Bawat Yunit | $4.30 | $51.60 |
| Mobile Home | $3.94 | $47.28 |
| * Ang buwanang singil ay ginagamit para sa pagbaha-bahagi ng bahagyang pagsingil sa taon. | | |

Ang mga singil sa serbisyo sa tirahan ay inilalagay sa roll ng buwis sa ari-arian at kinokolekta ng Santa Clara County, Department of Tax and Collections.

**Ako ay isang nakatatanda at may nakapirming kita, mayroon bang anumang mga bawas sa rate?**

Walang mga subsidized rate sa mga nakatatanda o may mababang kita. Ang lahat ng gumagamit ng Sistema ng Sanitary Sewer ay kinakailangang magbayad para sa mga singil sa Serbisyo ng Sanitary Sewer at Paggamit. Ang sistema ng Sanitary Sewer ay batay sa buong pagbawi ng gastos mula sa mga nagbabayad ng rate at hindi sinusuportahan ng anumang iba pang mapagkukunan ng pondo. Ang mga rate para sa mga serbisyong ito ay huling itinaas noong Hulyo 2022, at nananatiling pinakamababa sa buong rehiyon.

Mangyaring tandaan na para sa karamihan sa mga ari-arian, ang Singil sa Serbisyo ng Sanitary Sewer at Paggamit ay isinasama sa Singil sa Storm Sewer sa taunang singil sa buwis sa ari-arian at kinokolekta ng County ng Santa Clara. **Ang abisong ito ay nauugnay lamang sa Singil sa Serbisyo ng Sanitary Sewer at Paggamit. Ang iminungkahing mga pagtaas ng rate ay hiwalay at bukod sa Singil ng Storm Sewer, na hindi nagbabago.**

**Saan ko maaaring malaman ang higit pa tungkol sa mga Serbisyo sa akin ng Sanitary Sewer?**

Pumunta sa SanJoseca.gov/Wastewater para sa higit pang impormasyon tungkol sa San José - Santa Clara Regional Wastewater Facility (Pasilidad). Magsagawa ng virtual tour para higit pang malaman ang tungkol sa proseso ng wastewater treatment at ang lugar pinagsisilbihan ng Pasilidad.

**Paano ko makukuha ang impormasyong ito sa ibang mga pormat at lenggwahe?**

Ang impormasyong ito ay makukuha sa maraming lenggwahe sa pamamagitan ng pag-click sa naaangkop na mga link sa SanJoseCA.gov/RateNotices, o sa mga alternatibong pormat gaya ng braille, malaking print, audiotape, o flash drive sa pamamagitan ng pagtawag sa (408) 535-3500 (boses) o (800) 735-2929 (California Relay).